Pagkatapos *Ipasok ang* Peritoneal Dialysis Catheter habang nakahiga: Ano ang dapat kong malaman?

1. Pangangalaga sa Dressing

- **HUWAG** sariling palitan ang inyong dressing o gasa.
- Papalitan ng inyong PD nurse ang inyong dressing o gasa isang beses bawat linggo.
- Panatilihing laging malinis at tuyô ang inyong dressing.
- Kung natatanggal ang inyong dressing, dagdagan ang tape.
- Kung ang inyong dressing o gasa ay nabasâ, narumihan, o napuno ng dugo, tawagan ang inyong kidney nurse o doktor.

2. Huwag mag-shower, maligo, o lumangoy. Mga sponge bath o magbanyós lamang hanggang sinabi sa inyo ng inyong kidney nurse o doktor na puede na

(karaniwan 4 na linggo man lamang pagkatapos ng procedure).

3. Kung may nararamdamang pananakit

- Maaari kayong uminom ng acetaminophen (Tylenol®).
- Normal ang kaunting pananakit pero dapat nababawasan ito bawat araw. Kung lumala ang pananakit, kausapin ang inyong kidney nurse o doktor.

4. Iwasan ang kahirapang magdumi at ang umiri sa banyo

- Gamitin ang stool softeners o laxatives na iniutos ng inyong kidney doctor. Iwasan ang codeine.

5. Walang mabigat na ehersisyo o pagbuhat (higit sa 15 pounds) hangga't hindi sinasabi sa inyo ng inyong nars o doktor na puede na

(karaniwan 2 hanggang 6 na linggo pagkatapos ng procedure).

- ang 15 pounds ay katumbas ng pagbuhat ng hamper na puno ng labada.

6. Magsuot ng maluwag na kasuotan

- Isuot ang waist band sa ibabaw o ibabâ ng inyong catheter.
- Hindi inirerekomenda ang magsuot ng sinturon.

7. Magpunta sa inyong mga follow-up na appointment

- Karaniwan isang beses bawat linggo hanggang nagsimula kayong mag-dialysis.
- Tuwing kayo ay pupunta, huhugasan ang inyong catheter at papalitan ang inyong dressing.

Petsa at oras ng unang follow-up appointment

8. Kailan ko dapat tawagan ang aking kidney nurse o doktor?

- Ang inyong dressing o gasa ay nabasâ o napuno ng dugo
- Hindi naaalis ang inyong pananakit kahit pagkatapos uminom ng mga gamot para sa pananakit
- Kayo ay may alibadbad o pagsusuka na hindi nawawala pagkatapos ng 24 oras
- Hindi kayo makadumi at 2 araw na kayong hindi dumudumi
- Ang inyong temperatura ay mahigit sa 38.0° C (100.4° F)
- Hindi kayo makaihi

Important phone numbers

Kidney Doctor _____

Peritoneal Dialysis Unit _____

Kidney Clinic _____

Ang impormasyon sa polyetong ito ay ibinibigay para magbigay kaalaman at magbigay ng impormasyon, at upang suportahan ang pagtatalakay sa inyong health care team tungkol sa inyong medikal na kondisyon at pagpapagamot. Hindi ito medikal na payô at hindi ito dapat kapalit ng payô na ibinibigay ng inyong doktor o ng ibang kwalipikadong propesyonal sa health care.